

Taon XXXVII Blg. 3 Pebrero 7, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Lumalawak ang kilusang anti-Arroyo sa loob ng AFP-PNP

ninagpang ng rehimeng Arroyo at ng liderato ng pasistang AFP at PNP ang pagkakadakip kay Capt. Nicanor Faeldon nitong huling linggo ng Enero upang ipangalandakang nananatiling malakas ang suporta ng mga sandatahang pwersa ng rehimen sa chain of command at walang tinatamasang malaking suporta ang mga grupong anti-Arroyo sa hanay ng mga sundalo at pulis. Nadakip si Faeldon mahigit isang buwan matapos siya tumakas sa detensyon noong kalagitnaan ng Disvembre 2005.

Sa kabila ng muling pagbihag kay Faeldon, patuloy na lumalawak at lumalalim ang disgusto at ligalig sa AFP at PNP. Matatag na nagpapatuloy ang kilusang kinabibilangan ni Faeldon sa kabila ng kanyang pagkakadakip dahil patuloy ang batayan para umiral ito at iba pang katulad nitong mga grupo sa militar at pulisya.

Ang pagtakas ni Faeldon ay sinundan ng pagtakas ng apat pang nakababatang upisyal na lumahok din sa protesta sa Oakwood. Idi-



neklara nila na magpapatuloy sila sa paglaban at nanawagan din sila sa mamamayan na patalsikin na ang rehimeng Arroyo.

Maraming iba pang upisyal at sundalong tumulong sa pagtakas at pagkupkop sa kanila sa labas ng kulungan, kaya hanggang ngayon ay hindi matukuy-tukoy ng mga namumunong heneral ang kanilang kinaroroonan. Kagyat silang nakipag-ugnayan sa iba pang mga kasamahan nilang tuluy-tuloy na

nag-oorganisa sa hanay ng mga sundalo at pulis at naghahanda para sa hayagan nang pagtalikod at paglaban sa rehimen.

Patunay ito na lumalawak ang bilang ng mga kapanalig ng mga sundalong namumulat, disgustado at muhing-muhi sa di lehitimo at bulok na naghaharing rehimen at handang kumilos para patalsikin ito.

Patuloy na kumakalat sa loob ng AFP at PNP ang diwa ng

Mga tampok sa isyung ito...

POW, pinalaya ng BHB PAHINA 3

Malakihang pagmina, mariing nilalabanan PAHINA 9

Mga taktikal na opensiba sa Mindanao

PAHINA 12

"protestang Oakwood" kung saan mahigit 300 sundalo at nakabababang upisyal ang nag-alsa laban sa di na nila masikmurang kabulukan at pagkapasista ng pangkating Arroyo at ng mga heneral nito sa AFP.

Ayon na rin sa pahayag ni Faeldon nang siya'y tumakas noong Disyembre, ang mga pinaggagawa nina Arroyo at kasapakat niya mula noon at ang iba pang anomalyang nabunyag sa AFP, PNP at sibil na burukrasya ang mismong patunay ng kawastuan ng inilunsad nilang pag-aalsa.

Hindi nawawala at bagkus ay lumala pa ang batayan ng matitinding hinaing ng kasundaluhan at kapulisan. Pinakamatingkad na rito ang korapsyon ng matataas na upisyal ng AFP at PNP, na siyang pinakamalaking dahilan ng maraming mga pasakit at pang-aaping dinaranas nila. Nariyang antalain ng mga bulok na upisyal ang sweldo ng mga ordinaryong kawal at pulis para gamitin itong pansugal at pangnegosyo. Nariyang lipas na mga gamot ang ibinibigay sa mga nasusugatan at nagkakasakit na karaniwang mga kawal. Nariyang idemolis and mga dampand tinitirhan ng kanilang mga pamilya sa



loob ng malalaking kampo habang ang mga heneral ay nagpapakasarap sa naglalakihang mga mansyon. Nariyang nakawin, gawing pansariling puhunan at lustayin ng mga heneral ang impok ng kasundaluhan na kinaltas sa kakarampot na nga nilang sweldo at para sana sa kanilang mga pensyon. Nariyang pinepeke ang milyun-milyong halaga ng kontrata sa pamamagitan ng sistemang "conversion," at ibinubulsa na

lamang ng mga namumunong heneral ang buong pondo, tulad ng inilantad ng yumaong Capt. Rene Jarque. Nariyang magpakana ang mga heneral ng mga operasyong militar at pasugurin ang mga sundalo kahit walang malinaw o totoong target para lamang makakuha ng malalaking pondong maibubulsa.

Kinakasangkapan din ng rehimeng Arroyo at ng mga pasistang heneral nito ang mga sundalo at pulis para supilin ang lehitimong mga pakikibaka ng mamamayan. Ginagawa silang mga berdugo para dahasin ang kapwa nilang mga naghihikahos para lamang ipagtanggol ang isang di makatarungang kaayusang panlipunan. Nilalason ang kanilang isipan upang kanilang akalain na ang kalaban ay ang nakikibakang mamamayan sa halip na ang mapanupil na rehimeng Arroyo, ang imperyalistang amo nito at ang mga pasistang heneral sa AFP at PNP.

Marapat lamang na kanilang ilantad at tutulan ang kabulukan sa burukrasyang militar at igiit ang karapatan ng mga niloloko, kinakasangkapan at inaapi ring mga nakababatang upisyal at karaniwang mga sundalo at pulis. Dapat hikayatin ang lahat ng inaapi at pinagsasamantalahang elemento sa loob ng AFP at PNP na magbuklod at maglunsad ng iba't ibang pagkilos upang isulong ang kanilang mga lehitimong interes at labanan ang panloloko, pagkakasangkapan at pang-aapi sa kanila.

Batid nilang nasa bunganga sila ng buwaya at hindi madaling kumilos at lumaban mula sa loob ng pasistang estado. Sa harap ng matinding pagsusuyod, pagmamanman at panunupil na tiyak na magiging tugon ng rehimeng Arroyo at ng pasista nitong mga upisyal, kailangang maging maingat at mapanlikha ang mga sundalo at pulis sa kanilang pag-oorganisa,

Bayan

Taon XXXVII Blg. 3 Pebrero 7, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Lumalawak ang kilusang anti-	_
royo sa loob ng AFP at PNP	1
POW, pinalaya ng BHB	3
Nayayanig ang rehimeng Arroyo	4
Kasuklam-suklamna korapsyon	7
Malakihang pagmimina, tinutulan	9
Mga asasinasyon, pagdukot atbp.	11
Taktikal na opensiba sa Mindanao	12
Lider ng RPA, pinarusahan	13
Balita	14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas


POW, pinalaya ng BHB bilang kagandahangloob sa mga sundalong anti-Arroyo

Pinalaya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang bihag ng digma nitong si Philippine Air Force Maj. Neptune Elequin noong nakaraang Pebrero 3 sa isang baybaying lugar sa Central Luzon. Si Major Elequin ay nadakip ng BHB noong Hulyo 2, 2005 sa Floridablanca, Pampanga.

Nagpasya ang PKP at National Democratic Front (NDF) na palayain si Major Elequin sa kabila ng kawalang-interes dito ng rehimeng Arroyo, bilang hakbanging makatao at pagtugon sa kahilingan ng kanyang pamilya at mga sumisimpatya sa kanya.

Gayundin, ang pagpapalaya kay

"POW...'," sundan sa pahina 4





"Editoryal...," mula sa pahina 2

pagpapahayag at pagkilos. Bunga ng anti-komunistang kasaysayan at pasistang indoktrinasasyon at oryentasyong malalim na itinanim ng imperyalismong US at papet na naghaharing estado sa organisasyon ng AFP at PNP, kinakailangan ang isang antas ng nagsasarili at maingat na pag-oorganisa ng mga mulat at progresibong sundalo at pulis sa loob ng AFP at PNP. Kaalinsabay, kailangan at pinakamainam din na may pakikipag-ugnayan, koordinasyon at pakikipagtulungan sila sa mga patriyotiko at demokratikong pwersang nagsusulong din ng interes at karapatan ng nakakararami sa lipunan, susuporta sa mga lehitimong paglaban ng mga sundalo at pulis at makikipagkaisa sa kanila sa pakikipaglaban para sa komun na mga hinaing ng mamamayan. Maaari itong gawin kung saan may umiiral na mainam na kundisyon o magagawan ng mapanlikhang mga paraan sa hayag o lihim.

Malinaw na rin sa mga namu-

mulat na kasundaluhan at kapulisan na anumang hangad nilang batayang mga reporma sa loob ng AFP, PNP at sa kabuuang lipunang Pilipino ay hindi maisasakatuparan habang naghahari ang bulok, papet at pasistang rehimen ni Arroyo. Ang pagpapatalsik sa naghaharing rehimen at mga kurakot nitong heneral ay kinakailangang panimulang hakbang sa pangmatagalang pagsusulong ng kanilang mga kagalingan at interes, kasabay ng mga kagalingan at interes ng buong sambayanan. Inaasahan nilang matutugunan ito sa ilalim ng bagong gubyernong tunay na kumakalinga sa mamamayan.

Sa harap ng laganap na ligalig sa AFP at PNP at lumalakas na banta ng pag-aalsa ng mga disgustadong pwersang militar at pulis, nagkukumahog ngayon si Arroyo na amu-amuhin sila. Iniutos niya kamakailan ang pagpapalabas ng malaking halaga para sa pabahay ng kasundaluhan at benepisyo ng mga pulis.

Subalit huli na ang lahat para

kay Arroyo. Matagal na hinintay ng karaniwang mga elemento sa AFP-PNP ang katuparan ng kanyang pangako noong 2001 na tataasan niya ang kanilang mga sweldo. Lumabas na hungkag ang pangako ni Arroyo. Batid na ng mga pulis at sundalo na ang programang pabahay ay isa na namang pagbabalatkayo.

Tulad ng karaniwang mamamayang Pilipino, sawang-sawa na ang nakararaming sundalo at pulis sa mga kasinungalingan at panlilinlang ng pekeng presidenteng nakaluklok sa Malakanyang. Dumarami ang nakahanda nang iatras ang suporta ng armadong haligi ng estado at itutok ito sa kamuhi-muhing rehimen at sumanib sa laban ng mamamayan.

Isang araw ay magigising na lamang si Arroyong nagkalasog-lasog na ang inaakala niyang matibay na *chain of command* at nangag-alsahan na kasama ng mamamayan ang mga pulis at kasundaluhang malaon nang niyuyurakan ang mga karapatan.

Nayayanig ang rehimeng Arroyo



Illuny-tuloy ang pagsisikap ng rehimen na magpabango at linlangin ang mamamayan, sanggain ang mga atake at tusong magmaniobra at gamitin ang pinakamaraming rekurso ng gubyerno upang patuloy na madomina nito ang Kongreso at mga lokal na pamahalaan. Pursigido nitong itinutulak ang Cha-cha (pagbabago sa konstitusyon) upang akitin ang suporta ng US at idiskaril ang kilusan para sa pagpapatalsik kay Arroyo. Gumagamit ito ng kamay na bakal laban sa mga protestang masa at sa armadong banta mula sa militar at pulisya. Gagawin ni Arroyo ang lahat—makapanatili lamang sa poder hanggang 2010 at hanggat maaari'y lampas pa rito.

Ligalig na militar. Kasabay ng pag-iipon ng lakas at bwelo ng kilusang masa, dumaraming pwersa ng oposisyon at maging mga pwersang disgustado sa loob ng AFP at PNP ang kumikilos upang pabilisin ang bahaging militar ng paglaban sa rehimen.

Tumitindi ang lamat, lumalawak ang pagkaligalig at lumalakas

"Nayayanig...," sundan sa pahina 5

"POW...," mula sa pahina 3

ryong kilusan sa lumalawak na hanay ng mga pwersang militar at pulis na disgustado, naliliwanagan at handang lumaban.

Isa lamang si Major Elequin sa mga upisyal ng AFP na labis na pinabayaan ng rehimeng Arroyo. Sa nakaraang pitong buwan, tumanggi si Arroyo na makipagnegosasyon para sa maayos na pagpapalaya kay Elequin. Tumanggi si Arroyo at kanyang mga heneral na mag-utos ng Suspension of Offensive Military Operations (SOMO) at Suspension of Offensive Police Operations (SOPO).

Bago siya palayain, kinapanayam si Major Elequin ng isang independyenteng abugado upang tiyakin na mahusay ang naging pagtrato sa kanya ng BHB bilang POW. Ipinailalim din siya sa isang medical checkup.

Ipinaliwanag kay Major Elequin ang "Order of Release" mula kay Kasamang Luis Jalandoni, pinuno ng negotiating panel ng NDF, na siyang may awtoridad na mag-utos ng pagpapalaya sa mga POW (priso-

ner of war). Ang Order of Release ay tinanggap ng yunit ng BHB na nangalaga kay Major Eleguin.

Si Major Elequin ay tinanggap ni Sen. Rodolfo Biazon at Bishop Solito Tuquero ng United Methodist Church. Si Senador Biazon, sa partikular, ay pinili dahil sa pagiging katanggap-tanggap na personaheng nagdadala sa interes ng mga inaagrabyadong upisyal, sundalo at pulis ng AFP at PNP; gayundin dahil sa kanyang paninindigan para sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan upang maharap at malutas ang mga saligang problemang panlipunan na nasa ugat ng umiiral na digmaang sibil sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, patuloy na pinaparalisa at sinasabotahe ng rehimeng Arroyo ang usapang pangkapayapaan sa halip na harapin at lutasin ang mga ugat ng digmaang sibil sa Pilipinas. Pinatitindi pa ng mga pasistang heneral ni Arroyo ang teroristang gera nito at iba pang paglabag sa karapatang-tao ng mamamayan.

Sa isinagawang pormal na seremonya ng pagpapalaya, kinundena ng kinatawan ng PKP ang walang habas na mga operasyong militar laluna sa Central Luzon. Tinukoy na hindi bababa sa 47 aktibista na ang pinapatay ng mga death squad ng rehimeng Arroyo sa rehiyon. Kinundena rin ng PKP ang isinagawang istraping ng helikopter at pagpapakawala ng mga rocket sa Sta. Ignacia, Tarlac noong Enero 31, na nagresulta ng pagkamatay ng maraming sibilyan. Binatikos din nito ang pagmasaker sa lima kataong pamilya na pinaghihinalaang simpatisador ng rebolusyonaryong kilusan sa San Ildefonso, Bulacan.

Matapos ang seremonya, nagkaroon din ng seryosong pag-uusap sa pagitan ni Senador Biazon at ng namumunong kasama sa lugar tungkol sa mga pagtingin sa kasalukuyang kalagayang pampulitika, sumasambulat na krisis ng paghahari, mga ideya tungkol sa maaarring mabuong transisyunal na gubyerno kapalit ng pabagsak nang rehimeng Arroyo at nagkakaisang hangaring maipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDF.

ang kilusan ng mga palabang sundalo sa loob ng sandatahang pwersa ng gubyerno. Lumalakas ang kapasyahan at inisyatiba ng kanilang mga organisasyon na magpalawak, kumasa sa paglaban sa rehimen at makiisa sa mamamayan. Nararamdaman na ng rehimen ang pagkilos ng iba't ibang grupong anti-Arrovo sa loob ng AFP at PNP, ang nakukuha nilang malakas na suporta mula sa hanay ng militar, pulisya at maging sa mamamayan at ang humihiqpit na ugnayan hindi lamang sa pagitan ng mga grupong militar kundi pati sa pagitan ng mga ito at mga demokratiko at progresibong organisasyong anti-Arrovo.

Malaking bagay ang lumalakas na pagkaligalig at rebelyon sa hanay ng militar at pulisya. Dahil dito, nagkakaroon tayo ng mga kaibigan at alyado sa mga pwersang militar at pulis at nahahati at nawawasak ang mga pwersa ng kaaway.

Nito lamang Enero, muling lumakas ang mga ugong na kikilos na ang mga pwersang anti-Arroyo sa loob ng AFP at PNP. Naalarma ang rehimen sa sunud-sunod na pagtakas ng mga nakababatang upisyal mula sa kulungang militar. Mataas ang prestihiyo sa kasundaluhan, at maging sa mamamayan ng mga upisyal na tumakas at mga naiwan nilang kasamahang nananatiling matatag sa paglaban sa kamuhi-muhing rehimen.

Dahil dito, napilitan si Arroyo at kanyang mga alipures sa AFP na aminin ang posibilidad ng isang kudeta. Ilang beses na nag-red alert at nagsagawa ng loyalty check ang Malakanyang at pamunuan ng AFP at PNP. Pinag-ibayo nito ang mga mapanupil na hakbang upang gipitin ang anti-Arroyong mga sundalo at upisyal at tinanggal sa pwesto ang lahat ng mga pinaghihinalaan nitong tumulong sa

sunud-sunod na pagtakas ng mga sundalong Magdalo noong Disyembre at Enero. Limang sundalo ang inaresto at dinitine dahil sa kaugnayan nila sa grupong Magdalo. Inilabas din ang "shoot-to-kill order" sa apat na sundalong tumakas at nagpahayag ng patuloy na paglaban. Nagbabala ang rehimen na lalabanan nito nang "apoy sa apoy" ang anumang armadong pagkilos ng mga anti-Arroyong sundalo at pulis. Kaalinsabay, pinalitan ni Arrovo vaong di na niva mativak ang katapatan sa kanya, tulad ng pinuno ng Presidential Security Group na si Brig. Gen. Delfin Bangit.

Bago pa ito, sinuhulan naman niya ng matataas na pwesto ang pinakamatatapat na heneral na kasabwat niya sa malakihang korapsyon at malawakang pandaraya noong nakaraang eleksyon tulad nina Lt. Gen. Hermogenes Esperon na plano niyang gawing AFP chief of staff, Maj. Gen. Gabriel Habacon na itinalaga niyang hepe ng AFP Southern Command at Rear Adm. Tirso Danga na itinalaga niyang hepe ng AFP Western Command.

Pinakamalawak na prenteng anti-Arroyo, nabuo. Nagkabuklud-buklod sa isang malawak na alyansa ang ligal na oposisyon at iba't ibang organisasyong masa nitong Enero 31 upang pagkaisahin at bigyan ng panibagong sikad ang kilusan para patalsikin si Arroyo. Kabilang sa nagtipon sa araw na ito ang mga kinatawan ng United Opposition (UNO), Black and White Movement, Partido ng Masang Pilipino (PMP), Bangon Pilipinas, Bagong Alyansang Makabayan

(BAYAN), Bayan Muna, GMAOU Be Not Afraid, Bukluran para sa Katotohanan, Kilusang Makabansang Ekonomiya, La Liga Filipina, Sanlakas-Laban ng Masa, FPJ for President Movement, Solidarity Movement, at Lahat na Po Movement. Sinalamin sa pagtitipong ito ang sa ngayo'y pinakamalawak na pagkakaisa ng kilusang anti-Arroyo. Mayroon ding iba't ibang aktibo at di na aktibong mga grupo sa AFP at PNP na sumusuporta sa mga ito. Pinabulaanan nito ang palagiang kantiyaw ng kampo ni Arroyo na hindi uusad ang mga pagkilos laban sa kanya dahil watak-watak at walang pagkakaisa ang oposisyon.

Bibigyang-diin ng malawak na prenteng anti-Arroyo ang pagpa-



tusyon sa bansa na ibinunsod ng maruruming taktika at maniobra ng rehimeng Arroyo.

Gayundin, kinundena ng alyansa ang brutal at pasistang mga hakbang ni Arroyo laban sa mga lider at pinuno ng mga demokratikong sektor. Nangako ang grupo na susuportahan nito ang pagkilos ng mga nakababatang upisyal ng AFP bilang tanging grupo sa loob ng reaksyunaryong hukbo na maaaring magtagumpay laban sa rehimeng Arroyo.

Nagpahayag din ng pakikiisa ang grupo sa tahasan at mas malinaw na palaban nang pahayag ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP).

Pagpapakita rin ng humihigpit na pagkakaisa ng oposisyon ang pagpunta ni dating presidente Corazon Aquino, kasama nina Senate President Franklin Drilon, Susan Roces, Makati Mayor at UNO Chairman Jejomar Binay at iba pa, sa San Juan Medical Center kung saan inoperahan si dating Presidente Joseph Estrada. Mula nang patalsikin si Estrada sa pamamagitan ng pag-aalsang bayan sa EDSA noong 2001,

n g a y o n lamang muling nagkita-kita at nagkau-sap ang dalawang da t i n g mahigpit na nagadati nag

magkaaway.

Mas palaban na CBCP. Dati nang mapagpasya ang bilang ng mga Katolikong obispong myembro ng CBCP na tutol sa pamamalagi ni Arroyo sa poder. Ngunit nito na lamang nakapaglabas ng malinawlinaw at mas matalas na pusisyon ang CBCP laban sa rehimeng Arroyo, matapos palitan ni Archbishop Angel Lagdameo ng Jaro bilang presidente ng CBCP ang konserbatibong si Archbishop Fernando Capalla.

Mariing tinuligsa ng CBCP sa pastoral letter nito noong Enero 29 ang patuloy na pagsisinungaling at pagsisikap ng rehimeng Arroyo na takpan ang mga katotohanan sa likod ng "Hello Garci" teyp at sa mga pakanang "Cha-cha"at "No-el" (No Elections) ng rehimeng Arroyo.

Nagpahayag din ng pagkadismaya ang CBCP sa tuluyan nang pagbasura ng kongreso sa imbestigasyon kaugnay dito noong Enero 25. Binatikos nito ang pagmamaniobra ng rehimen para iwasan, hadlangan at baluktutin ang mga proseso sa ilalim ng batas.

Bago ito, nabigo si Arroyo na mapabasbasan sa ipinatawag niya noong Enero 24 na pulong ng Council of State ang plano niyang "No-el." Tumangging sumakay dito ang mga dumalo sa pulong

kahit pa pawang kaalyado niya ang lahat ng mga naroroon. Pinalabas ng tagapagsalita ng Malakanyang na nakamit sa pulong ang lubos na pagkakaisa. Ngunit itinanggi ito ni dating pangulong Fidel Ramos at nagbanta siya na kung itutuloy pa

rin ang "No-el" ay magbubunsod lamang ito ng isang "pambansang kalamidad." Napilitan ang rehimeng Arroyo na iatras ang pakanang "No-el" at tuluyan na ring ibinasura sa Kongreso ang mga hakbang na nagtutulak nito.

Pursigido sa Cha-cha. Kung sakali mang magkaroon ng eleksyon, imamaniobra ni Arroyo na ang magaganap ay isang halalang pamparlamento na mangyayari lamang kung mailulusot ang Cha-cha ngayong taon. Sa pamamagitan nito, matitiyak niyang makapananatili siya sa poder hanggang 2010 o lagpas pa.

Dagdag dito, ginagamit ng rehimen ang Cha-cha upang iligaw ang atensyon ng mamamayan, idiskaril ang kilusang pagpapatalsik at akitin ang suporta ng US at mga oportunistang makikinabang dito.

Itinayo niya ang "Charter Change Advocacy Commission" na kunwa'y magpapalaganap sa isyu ng Cha-cha sa publiko. Ang pagbubuo ng komisyon, na iiral sa loob ng walong buwan at magkakaroon ng ₱5 milyon badyet, ay pinararatsada niya sa mga kaalyado niyang nasa mayorya sa Kongreso. Sa harap ng tiyak na pagtutol ng mayorya sa Senado at mga dalubhasa sa batas, pilit niyang pagsasanibin ang Kongreso at Senado upang matabunan ng 2/3 na boto mula sa mga kaalyado niyang mayorya sa Kongreso ang anumang pagtutol mula sa mga senador.

Para rin maisaisantabi ang pagtutol ng Senado, ipinalunsad rin niya ang People's Initiative bilang paraan ng pagkuha ng limang milyon o mahigit pang boto ng pagsang-ayon ng mamamayan. Pinatitiyak din niya sa mga panukalang probisyon ang pagpapalawig nang limang taon sa termino ng mga huwes ng Korte Suprema sa pamamagitan ng pagtataas ng edad para sa kanilang pagreretiro.

Itinalaga niyang pinuno ng

"Nayayanig...," sundan sa pahina 7

Kasuklam-suklam na mga kaso ng korapsyon

□uluy-tuloy na nauungkat sa pinakahuling mga imbestigasyon sa Senado ang lawak at tindi ng pangungurakot ni Arroyo at kanyang mga alipures sa bilyonq ₱2.8 pondong pang-abono na ipinangasiwa sa Department of Agriculture (DA) noonq 2004. Malaking bahagi nito ang ₱728 milyong pondo ng DA para sa Farm Input and Implements Program at isa pa ang ₱544 milyong pondo ng Department of Agrarian Reform para sa pagpaparami ng hybrid rice.

Ayon sa mga dokumento ng Commission on Audit, umaabot sa 100 kongresista, 53 gubernador at 26 na alkalde ang tumanggap mula sa pondong ito ng tig-P3 milyon hanggang P10 milyon na pondong pang-abono ilang araw lamang bago ang eleksyong 2004.

Pinamahalaan ni Department of Agrarian Reform Undersecretary Jocelyn "Joc-joc" Bolante, kilalang opereytor ng pamilyang Arroyo, ang paglalabas ng pondo mula sa DAR at pamamahagi ng komisyon sa mga kongresista at lokal na upisyal. Ginamit ni Bolante sa mga operasyong ito ang Feshan Philippines Inc., isang kumpanya na itinayo niya para bigyan ng eksklusibong kontratang magsuplay ng mumurahing abono sa presyong may sobra-sobrang patong.

Isang Maritess Aytona ang

pumeprente para kay Bolante sa pag-aari at pamamahala ng Feshan at sa pakikipag-usap at pagbibigay ng mga komisyon sa mga upisyal.

Isang Jimmy Paule naman, kinatawan ng Antipolo at tiyuhin ng bagong hirang na kalihim ng DILG na si Ronaldo Puno, ang ipinwesto ng Malakanyang sa Feshan para subaybayan ang takbo ng kumpanya at tiyakin ang interes nina Arroyo sa mga operasyon at transaksyon nito. Si Jose Barredo Jr., na tumestigo sa senado ay nagtrabaho sa kumpanya

senado ay nagtrabaho sa kumpanya bilang kuryer sa pakikipagtransaksyon ni Aytona sa mga lokal na upisyal.

Sa imbestigasyon ng Senado, isiniwalat ni Barredo na halos lahat ng mga pondong pang-abono ay hindi ginamit para ipambili ng abono. Karaniwan na ang pagbubulsa ng mga kongresista, meyor at ibang lokal na upisyal ng malalaking komisyon sa mga transaksyon nito sa mga pribadong kumpanya.

Kinumpirma ni Rebecca Aquino, bokal ng prubinsya ng Sorsogon,

"Korapsyon...," sundan sa pahina 8

"Nayayanig...," mula sa pahina 6

bubuuing electoral reforms body si dating Supreme Court Justice Hilario Davide para magamit ang kanyang prestihiyo at makuha ang kanyang tuluy-tuloy na pagsuporta sa rehimen.

Pagbalasa sa gabinete. Sa pagtatangkang mapalakas pa ang paggamit ni Arroyo sa kapangyarihan ng gubyerno, laluna ang pwersang militar at pulisya, mga lokal na pamahalaan at ang malaking pondo ng gubyerno, muling binabalasa ngayon ni Arroyo ang kanyang gabinete.

Malaki ang iniaasa niya sa kakayahang mambola at magpaikut-ikot ng lohika ni Mike Defensor, kaya ito ngayon ang ginawa niyang Chief of Staff at kaalinsabay ay tagapangasiwa ng komunikasyon ng Malakanyang. Si Ronaldo Puno naman, isang eksperto sa pandaraya sa eleksyon, pagmamanipula sa masmidya, pagbubuo ng mga sikretong hukbo at pagsasagawa ng iba pang maruruming taktika, mula pa noong panahon ng diktadurang Marcos, ay kinuha na mula sa Kongreso para maging bagong

kalihim ng Department of Local Government dahil mas pinagkakatiwalaan na niya si Puno kaysa kay Gen. Angelo Reyes. Bilang pakonswelo, inilipat na lamang si Reyes sa iniwang pwesto ni Mike Defensor. Si Camarines Sur Rep. Rolando Andaya naman ang inilagay na bagong kalihim ng Department of Budget and Management. Mas makakakutsaba ni Arroyo si Andaya sa paggalaw ng mga pondo ng gubyerno kaysa kay Romulo Neri, na ibabalik na lamang sa National Economic and Development Authority. ΑB ang mga isiniwalat ni Barredo.

Suportado ng mga datos mula sa mga ulat ng Commission on Audit ang isiniwalat ni Aquino na sobra-sobra ang ibinayad ng mga kongresista, lokal na gubyerno at mga NGO sa mga abonong binili mula sa Feshan.

Isa pang tampok na kaso ang pangungurakot sa ₱544 milyon mula sa nabawing nakaw na yaman ng mga Marcos na ginamit umano sa maanomalyang programang Ginintuang Masaganang Ani rice hybrid program, mga gamit pangagrikultura at kunwa'y "farm-tomarket roads." Kinumpirma nitong Enero ni DAR Usec. Belinda Gonzales na direktang ipinamahagi ni Bolante ang ₱100 milyon mula sa pondong ito sa pinakamatatapat na kaalyado ng rehimen para gamitin sa eleksyon. Kabilang sa mga nabiyayaan ang tatlong kapartido ni Arroyo sa Cebu na tumanggap ng tiq-₱3 milyonq piso para sa "rice hybrid program" gayong hindi naman nagtatanim ng palay sa kanilang mga distrito.

Animnapung porsyento (60%) ng pondo ay ipinamudmod noong Mayo 3, 2004 habang ang 40% ay ipinamahagi pagkatapos na ng eleksyon. Ang pondong ito ay bahagi lamang na mas malaki pang pondo ng gubyerno na ginamit ni Arroyo para sa kanyang kampanya noong eleksyon.

Nabawing nakaw na yaman ng mga Marcos. Inamin ng mga upisyal ng rehimeng Arroyo nitong Enero na nasasaid na ang ₱35 bilyong pondo ng nabawing nakaw na yaman ng mga Marcos, dalawang taon matapos itong ipagkatiwala sa rehimen.

Ang mas malaking bahagi nito—P27 bilyon—ay inilaan sa mga proyekto ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Nakalaan para sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng diktadurang Marcos ang P8 bilyon pa—bagamat ayon kay Senador Joker Arroyo, dapat ay P10 bilyon ito. Ngunit sa isang pagdinig sa Senado, kinumpirma ng mga upisyal ng rehimen na nagamit na ang kalakhang ng pondo, at ang P5 bilyon na lamang na natitira umano ay nakalaan na rin sa mga programa ng Department of Agrarian Reform (DAR).

Sa ginawang mga imbestigasyon ng Senado, naungkat na malaking bahagi ng P27 bilyon na nakalaan umano sa pagpapatupad ng reporma sa lupa ay sa aktwal ginamit ni Arroyo para sa kanyang kampanyang pang-eleksyon noong 2004. Inilusot ang pagpapalabas ng pondo sa pamamagitan ng iba't ibang maanomalyang proyektong pinamahalaan ng mga opereytor ni Arroyo sa DA, DAR at Department of Environment and Natural Resources (DENR). Sa ilalim ng mga pakana at proyekto tulad ng "pondong pang-abono," "rice hybrid program," "farm-to-market road" at iba pa, direktang ipinamudmod ni Arroyo ang pondo sa kanyang mga kaalyadong kongresista at lokal na upisval.

Isa sa mga sinentruhan ng imbestigasyon ng Senado ang P544 milyong bahagi ng pondong ito na inilaan sa maanomalyang programang Ginintuang Masaganang Ani *rice hybrid program*. Ipinamahagi ang buong pondong ito noong Mayo 3, isang linggo bago ang eleksyon. Ang karamihan ng mga nakatanggap mula sa mga pondong ito ay mga kongresista at lokal na upisyal na kapartido ni Arroyo.

Ginamit sa imbestigasyon ang pag-aaral na ginawa ng Rice Watch and Action Network (R1) tungkol sa paggamit ng mga pondo para sa naturang *rice hybrid program*. Lumitaw sa pag-aaral na ito na tad-

tad nq mqa anomalya paggamit ng pondo. Halimbawa nito ang paggamit ng ₱216 milyon para suportahan ang produksyon ng binhing palay sa 1,969.77 ektarya ng mga lupain. Lumalabas sa gayon na ₱109,657 kada ektarya ginastos sa produksyon lamang ng binhi. Isa pa ang paggamit umano ng ₱178 milyon para sa pamamahagi umano ng mga binhi para sa 453,333 ektaryang may tanim umano na palay. Ngunit sa mismong ulat ng DA, nakapagpamahagi lamang ito ng binhi para sa 208,342 ektarya.

Sikretong pakikipag-areglo kay **Danding.** Samantala, mahigpit na inililihim ng Presidential Commission on Good Government (PCGG) ang sikretong negosasyong nagaganap sa pagitan ng Malakanyang at ni Eduardo "Danding" Cojuangco kaugnay ng pag-aari ng pondong coco levy (buwis sa niyoq) at mga sapi sa 14 na kumpanya na nabili gamit ang naturang pondo. Ang coco levy ay buwis na ipinataw sa mga magniniyog sa panahon ng batas militar na hinawakan ni Cojuangco at ginamit para magpalawak ng kanyang mga pag-aari.

Pinakamalaki sa mga kumpanyang nakontrol ni Cojuangco gamit ang pondong coco levy ang San Miguel Corporation (SMC) kung saan hawak niya ang 27% ng mga sapi. Samantala, hawak naman ng gubyerno ang 20% ng mga saping malinaw na binili gamit ang pondo ng coco levy.

Alinsunod sa direktang mga atas ni Gloria Arroyo, sikretong nakikipag-areglo si Camilo Sabio ng PCGG para pinal na maideklarang pag-aari ni Cojuangco ang hawak niyang 27%. Bibitiwan na rin ng gubyerno ang hawak pa nitong 20% sa baratilyong halagang ₱50 bilyon. Kapalit nito ang pagsuporta ni Cojuangco sa anumang balak ni Gloria Arroyo sa pulitika.

Malakihang pagmimina, mariing nilalabanan

Rasabay ng pagbatikos ng CBCP sa pakanang No-el at Cha-cha, mariin din nitong kinundena ang Mining Act of 1995 at ang programa ng rehimeng Arroyo na akitin ang malalaking dayuhang kumpanya ng pagmimina sa bansa.

Anang CBCP, pinangangambahan nila na ang gagawing mga pagbabago sa konstitusyon ay lalong magbibigay-daan sa malawakang pandarambong sa pambansang patrimonya at maglalapastangan sa soberanya ng bansa, sa kapinsalaan ng mamamayan.

Binatikos din ng CBCP ang pang-aapi ng malalakihang dayuhang minahan sa mga pambansang minorya, paglapastangan sa kanilang karapatang magpasya-sa-sarili at pagwasak sa kanilang katutubong kultura. Tinukoy ng CBCP na nasa unahan ng pakikibaka laban sa Mining Act ang mga pambansang minoryang napipinsalaan sa pagpasok ng malalaking dayuhang kumpanya sa pagmimina.

Sa mga lugar kung saan may malakihang dayuhang operasyon ng pagmimina, ang mga sandatahang pwersa ng gubyerno ay pinagsisilbing pwersang panseguridad at instrumento ng panunupil sa mamamayang tumututol sa operasyon. Palagiang militarisado ang mga lugar ng malakihang pagmimina na nagdudulot ng maraming paglabag sa karapatang-tao.

Partikular ding tinuligsa ng CBCP ang matinding pagkawasak ng kapaligiran at panganib sa kalusugan ng mamamayan na idudulot ng malakihang pagmimina bunga ng walang pakundangang pagtatapon ng mga ito ng basura ng mga

mina sa mga ilog at karagatan.

Pinabulaanan ng napakarami nang karanasan ng pagkasira ng kapaligiran at pagkawasak ng kabuhayan ng mamamayan ang pampagandang programa ng rehimeng Arroyo kaugnay ng pagmiminang "responsable" at "di mapangwasak sa kabuhayan at kapaligiran". Ilan lamang dito ang mga naganap na malawakang pagbaha sa Mindoro at ang pagkalason ng mga ilog sa Marinduque at Zamboanga del Sur.

Ayon pa sa CBCP, lalo lamang lalala ang kalagayan ng mamamayan sa ilalim ng "mining revitalization program" ng rehimeng Arroyo. Sa ngayon pa lamang, aabot na sa 17 mahahalagang biodiversity

area, 35 national conservation priority areas at 32 national integrated protected areas ang ibinukas ng rehimen sa pandarambong ng mga dayuhang kumpanya.

Nanawagan ang CBCP sa rehimeng Arroyo na kagyat na pawalambisa ang lahat ng mga inaprubahang lisensya sa pagmimina at itiqil na anq paqbibiqay nq baqonq lisensya sa pagmimina. Kaugnay nito, kinwestyon naman ng PAMA-LAKAYA ang pagbibigay ni Michael Defensor ng 4,968 environmental clearance certififcate (ECC) nang siya ay kalihim pa ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) noong 2005 at ang pag-apruba nito sa Administrative Order 24 na naqbubukas sa lahat ng baybayin sa Pilipinas sa mga dayuhang mamumuhunan.

Malawakang pagkilos sa Mindoro.

Kasabay ng pagbatikos ng CBCP, libu-libong mamamayan ang kumilos upang kundenahin ang malakihang pagmimina sa bansa. Umabot sa 10,000 katao ang lumahok sa isang *caravan* na inilunsad noong Enero 30 sa Ori-

ental Mindoro upang tutulan ang operasyon ng Aglubang Mining Corporation. Ang Aglubang Mining ay pagmamay-aring Crew Gold Mining ng Canada.

Ito ang kauna-unahang pagkakataon na ipinakita ng mga mamamayan sa Mindoro ang mahigpit nilang pagkakaisa laban sa malakihang pagmimina sa isla. Pinamunuan ang kilos-protesta ng Alyansa Laban sa Mina (ALAMIN) at sinuportahan ito ng lokal na gubyerno ng Orien-

arate of Calapan. Dinaluhan ito ng mga magsasaka, mga Mangyan, mga

tal Mindoro at ng Apostolic Vic-

taong simbahan, mga organisasyong sibiko, mga grupo ng estudyante at dalawang kongresista. Upang idiin ang kanilang pagtutol sa Philippine Mining Act of 1995, binasa sa rali ang ordinansang ipinasa ng provincial board ng Oriental Mindoro noong Enero 28, 2002 na nagbabawal sa malakihang pagmimina sa isla sa loob ng 25 taon.

Ang caravan na nilahukan ng 500 sasakyan ay nagsimula ng alas-7 ng umaga sa Calapan City at dumaan sa mga bayan ng Naujan, Victoria at Socorro. ruta na nagmula sa Pinamalayan. Nagtipun-tipon ang mga raliyista sa qymnasium ng Pola. Dala-dala 🛊 🛂 ng mga nagpoprotesta ang mga plakard at istrimer na may mga 1 islogang nananawagang pawalambisa ang permit na ibinigay ni dating Sec. Michael Defensor ng DENR sa Aglubang Mining Corporation noong Nobyembre 2005. Batay sa Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) na nilagdaan noong Disvembre 2000, saklaw ng operasyon ng minahang ito ang 2,920 ektaryang nasa hangganan ng Naujan at Victoria. Ayon sa mga Tadyawan Mangyan, ang apektadong erya ay watershed at lupaing ninuno nila.

Walang maidudulot ang pagpapatuloy sa operasyon ng mga dayuhang kumpanya ng mina kundi ang tiyak na pagkasira ng buong isla ng Mindoro. Ipinakita na ito ng tatlong sunud-sunod na malawakang pagbaha noong nagdaang taon, ayon sa mga nagpoprotesta. Isa pang pinangangambahang masisira ay ang 40,000 ektaryang palayan sa hilagang Mindoro.

Kontra-Lafayette. Samantala, iginigiit ngayon ng maraming sektor sa Albay at Sorsogon ang pagpapasara sa proyektong pagmimina

rito ng Lafavette Philippines Inc.

rito ng Lafayette Philippines Inc. dahil sa dalawang beses na pagpapalabas nito noong Oktubre ng tubig sa karagatan na nagtataglay ng mataas na antas ng cyanide, mercury at iba pang nakalalasong kemikal. Nagresulta ito sa maramihang pagkamatay ng mga isda sa tatlong barangay sa islang bayan ng Rapu-Rapu.

Dahil dito, ipinanawagan ng PAMALAKAYA at iba pang organisasyon ng mga mangingisda rito ang kagyat na pagsasara ng Lafayette.

Ayon sa mga mangingisda rito, pinatutunayan nito ang pinsalang idinudulot ng liberalisasyon at iba pang makadayuhang patakaran ng rehimeng Arroyo sa batayang mga sektor ng bansa. Binatikos din nila ang pagsuspindi lamang at pagpapamulta ng rehimen sa Lafayette ng ₱10.7 milyon kapalit ng idinulot nitong pinsala sa kapaligiran at kabuhayan ng mga mangingisda sa lugar.

Bisayas, Mindanao, kontra sa pagmimina. Sa Mindanao, nagtipon noong Enero 18 ang mga lider

ng anim na malalaking pederasyon ng mga pambansang minorya sa isla upang ipagtanggol ang natitira sa kanilang mga lupang ninuno laban sa malakihang pagmimina. Dinaluhan ng mga kinatawan ng 10 mayor na tribo sa Mindanao ang Indigenous Peoples Conference on Mining. Binatikos ng kumperensya ang malawakang pangangamkam ng mga dayuhang kumpanya ng mina sa kanilang mga lupain at ang pinsalang dala ng mga operasyon ni-

Sa Central Visavas, tinututulan ng PAMALAKAYA at iba't ibang orqanisasyon ng mangingisda ang napipintong eksplorasyon para sa langis na isasagawa sa Cebu Strait ng isang grupo ng mga dayuhang kumpanyang kinabibilangan ng Alcom Gold Resources Corp., Petro Energy Resources Corp., Trans-Asia Oil and Energy Development Corp. at AustralAsian Energy Ltd. Ayon sa mga nagpoprotesta, mapipinsala nito ang 204,000 ektarya ng karagatan at mga coral reef na pinamamahayan ng mahigit 39 na klase ng isda at iba pang lamang dagat. Ang Cebu Strait ay pangisdaan din ng mga maralitang namamalakaya mula sa Cebu at Bohol. Apektado rin sa gagawing ekplorasyon ang anim na bayan sa baybayin ng Leyte.

Plano ng PAMALAKAYA at iba pang grupo ng mga mangingisda sa Negros, Masbate at Bicol na sampahan ng kasong kriminal at administratibo sina Gloria Arroyo at dating DENR Secretary Michael Defensor kaugnay ng napipintong eksplorasyon para sa langis at gas sa Cebu Strait, sa pinsalang idinulot ng Lafayette, ng kwestyunableng pagbibigay ng DENR ng napakaraming ECC noong 2005 at ng komersyalisasyon ng lahat ng baybayin ng Pilipinas alinsunod sa Administrative Order 24 ng DENR.

Mga kaso ng masaker, asasinasyong pulitikal

pat pang progresibong lider ang pinaslang nitong Enero at Pebrero samantalang nawawala pa rin hanggang ngayon ang isang lider manggagawang dinukot noong Disyembre. Gayundin, patuloy na tumitindi ang militarisasyon at walang pakundangang pamamaslang ng militar sa mga pinaghihinalaan nilang tagasuporta ng BHB.

at pagdukot

Pinaslang nitong Pebrero 1 sa Lucena City si Roberto de la Cruz, Anakpawis *coordinator* sa syudad. Pinagbabaril si de la Cruz sa loob ng kanyang karinderya ng dalawang armadong lalaking sakay ng motorsiklo.

Sa parehong araw, pinatay ng mga armadong lalaki sa Barangay Pinaod, San Ildefonso, Bulacan si Ricardo Valmocina, 61, kanyang anak na si Roel Joseph, 19, at tatlo pang magsasaka na inakusan ng militar na sumusuporta sa BHB.

Gabi na nang pinasok ng 15 na-ka-bonnet at armadong tao ang bahay ni Valmocina na kunwa'y naghahanap ng armas. Unang pinagbabaril ang mga magsasakang tumutulong sa pamilyang Valmacino na nakatira sa bahay. Agad na napatay sina Melchor Cardinal, 24, Michael Malumay, 19, at isang nakilala lamang na "Jojo". Agad ring isinunod ng mga armadong lalaki ang mag-amang Valmocina.

Hindi pa nagkasya, ninakaw ng mga armado ang ₱10,000, mga alahas at apat na *cellphone* ng pamilyang Valmocina. Pwersahan din nilang isinama ang nakatatandang anak na si Renato, 25, at isang katulong ng pamilya. Hanggang ngayon ay hindi pa sila natatagpuan at pinangangambahang patay na rin. Naganap ang madugong krimen nang di kalayuan sa detats-

ment ng Philippine Army, mga 200 metro lamang mula sa bahay ng mga Valmocina.

Bago ito, pinatay sa Irosin, Sorsogon noong alas-8:45 ng umaga ng Enero 30 si Maximo Frivaldo, Bayan Muna *coordinator* at konsehal ng munisipalidad. Pinaslang din ng alas-8 ng umaga ring iyon si Antonio Alde Jr., 25, organisador ng Bayan Muna at empleyado sa kapitolyo ng Eastern Samar. Pinagbabaril siya ng tatlong lalaking sakay ng isang motorsiklong walang plaka sa Barangay Rawis, Borongan.

Sa Paquibato District sa Davao City, pinaslang noong Enero 18 ng death squad ng berdugong militar si Renato Antonio, isang organisador sa komunidad at tserman ng Paquibato-Panabo Motorcycle Operators and Drivers' Association dahil sa paratang na nagsasakay siya ng mga Pulang mandirigma sa kanyang motorsiklo.

Samantala, pinabulaanan ng Karapatan sa Central Luzon ang ulat ng Northern Luzon Command na sampung kasapi umano ng Bagong Hukbong Bayan ang kanilang napatay sa tatlong sunud-sunod na sagupaan sa mabuburol na lugar ng Sta. Ignacia, Tarlac noong

Enero 31. Ayon sa Karapatan, tatlo sa mga ito ay mga sibilyan at hindi mga Pulang mandirigma ng BHB. Nakilala ang mga ito na sina Al-

lan Ibasan, William Santos at Dante Salgado, 17.

Batay sa paglalahad sa Karapatan ng kanilang mga kamaganak, sina Ibasan at Salgado ay dinakip ng mga sundalo ilang oras bago maganap ang mga engkwentro. Nagpuputol ng kawayan ang dalawa sa Barangay Villa Aglipay sa kalapit na bayan ng San Jose nang sila ay hulihin ng militar.

Samantala, binuo nitong Enero ang Free Perseus Geagoni Movement upang igiit sa militar ang pagpapalaya sa upisyal ng National Federation of Sugar Workers (NF-SW) na dinukot noong Disyembre 5 at hindi pa inililitaw hanggang ngayon. Huling nakita si Geagoni sakay ng isang motorsiklo patungong sentro ng Bacolod City na hinahabol ng dalawa pang motorsiklo at isang van na walang plaka.

Ayon pa rin sa mga natanggap na ulat ng Karapatan, si Geagoni ay dinukot ng mga pinagsanib na elemento ng 303rd Brigade, 11th IB sa pamumuno ni Lt. Clarence Garrido at 87th Military Intelligence Coy ng 3rd ID sa ilalim ni Maj. Ariel Quiatchon. Anang Karapatan, 11 organisador na (siyam mula sa NF-SW at isa mula sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas) ang pinapaslang ngayong taon.

Mga taktikal na opensiba sa Mindanao

Takapaglunsad ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao ng 136 na taktikal na opensiba sa loob ng 130 araw (mula Setyembre 24, 2005 hanggang Enero 31, 2006). Ayon kay Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, 94 na armas na iba't ibanq kalibre ang nasamsam sa mga opensibang ito. Siyamnapu't siyam na elemento ng kaaway ang napatay at 87 ang nasugatan. Sa kabilang banda, tatlong depensibong aksyon lang ang kinasangkutan ng BHB at anim na malalakas na riple lamang ang nabawi ng kaaway mula sa mga Pulang mandirigma sa panahong nabanggit.

Partikular sa buong buwan ng Enero, nakapaglunsad ang BHB sa isla ng 30 taktikal na opensiba at nakasamsam ng 11 iba't ibang kalibreng armas. Labing-anim ang napatay na mga elemento ng militar, pulisya at CAFGU at 17 ang nasugatan.

Pinakamatingkad sa mga armadong aksyon ng BHB sa isla noong isang buwan ang reyd sa isang tsekpoynt ng PNP sa haywey sa Barangay Amontay, Marihatag, Surigao del Sur kung saan tatlong M16 ang nasamsam, bukod sa mga vest at bala. Dalawang pulis din ang nasugatan. Bago ito, inisnayp ng BHB noong Enero 5 at 7 ang dalawang kumpanya ng 39th IB at isang kumpanya ng 66th IB na nag-ooperasyon sa mga bayan ng Columbio, Magsaysay, Tampakan at Kiblawan sa Sultan Kudarat. Apat na sundalo ang napatay, kabilang si 1Lt. Buenaflor ng 66th IB.

Sumusunod ang iba pang aksyong militar na hindi pa naiuulat sa **AB**:

Enero 30, Brgy Old Bulatukan, Bansalan, Davao del Sur. Napatay si Sgt. Ernie Garialdo sa operasyong isparo na inilunsad ng isang tim mula sa Front Guerrilla Unit 51 ng BHB.

Enero 29, Brgy Kioya, Sibagat, Agusan del Sur. Isang sundalo ang napatay at dalawa pa ang nasugatan nang iharas ng mga Pulang mandirigma bandang ala-1:45 ng hapon ang mga sundalo ng 29th IB na naglulunsad ng operasyong RSOT.

Sityo Mabog, Brgy San Roque, Bislig City. Isang sundalo ang napatay at lima ang nasugatan sa araw ding ito nang ambusin ng mga gerilya sa ilalim ng Front 14 ang mga elemento ng CAFGU at 36th IB bandang alas-11:30 ng tanghali.

Enero 25, Brqy Mapula, Paquibato, Davao City. Inaresto ng 1st Pulang Bagani Company sa isang tsekpoynt ang isang elemento ng CAFGU at dalawang elemento ng panatikong Alamara, Nakumpiska rin mula sa kanila ang isang .357 na rebolber. Kasalukuyan iniimbestigahan ngayong pagkakasangkot ng mga bihag sa mga kasong pagpatay at panggagahasa.

Enero 22, Brgy Buhisan, San Agustin, Surigao del Sur. Isang elemento ng CAFGU ang nasugatan sa reyd na inilunsad ng mga kasama mula sa Front 19 laban sa detatsment ng 23rd IB-CAFGU.

Enero 17, Brgy Salahon, Salay, Misamis Oriental. Isang sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan nang isnaypin ng isang tim mula sa Pequero-Habagat Guerrilla Unit ng BHB ang mga elemento ng 8th IB.

Enero 15, Brgy UTC, Laac, Compostela Valley. Isang elemento ng CAFGU ang napatay nang maisparo siya ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Front 34. Nasamsam mula sa kanya ang isang .357 na rebolber.

Alas-7 ng gabi nang araw ding iyon, isang 9 mm na pistola ang nakumpiska ng BHB sa ilalim ng Front 16 mula sa pamangkin ng isang pulis na nagpaputok ng baril noong Bagong Taon.

sundan sa "Mindanao...," pahina 11



MATATAGUMPAY NA OPENSIBA NG BHB

"Mindanao...'" mula sa pahina 10

Enero 14, Brgy Rizal, Monkayo, Compostela Valley. Nasugatan ang dalawang sundalo sa operasyong harasment na inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Pulang Bagani Company laban sa mga elemento ng 28th IB.

Enero 12, Brgy Kapatagan, Laac, Compostela Valley. Isang kagawad ng barangay na impormer ng kaaway ang napatay sa operasyong isparong inilunsad ng isang tim mula sa Sentro de Grabidad 33 ng BHB.

Enero 6, Brgy Nuevo Gracia, Loreto, Agusan del Sur. Napatay ang isang sundalo nang isnaypin ng mga Pulang mandirigma mula sa Front 34 ang mga tropa ng 28th IB.

Enero 4, Baganga, Davao Oriental. Isang karbin ang nasamsam ng mga kasamang kabilang sa Sandatahang Yunit Pampropaganda ng Front 15 mula sa isang abusadong komersyante.

Enero 1, Brgy Patil, Kapalong, Davao del Norte. Napatay ang isang elemento ng CAFGU at nasugatan ang isang myembro ng panatikong grupong Alamara nang isparuhin sila ng isang tim ng BHB mula sa Front 34.

Reyd at ambus sa Surigao del Sur

Dalawampu't apat na armas ang nasamsam sa isang walang putok na reyd ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa istasyon ng Philippine National Police (PNP) sa Lingig, Surigao del Sur nitong alas-3 ng Pebrero 5. Samantala, walong sundalo ang napatay at pito pa ang nasugatan nang tambangan kinabukasan ng umaga ng BHB ang reimporsment ng kaaway.

Ang reyd, na inilunsad ng Conrado Heredia Command (CHC)-Front 20, ay tumagal lamang ng 20 minuto. Nasamsam dito ang tatlong M203, 10 M16, isang 12-gauge shotgun, apat na .45 pistola, isang pistolang 9 mm, tatlong .38 na rebolber at dalawang .357 na pistola. Nakakumpiska rin ng mga bala at iba pang gamit militar.

Bago nailunsad ang reyd sa poblasyon ng Lingig, sadyang pinadagdagan ng AFP at PNP ng mga tropa mula sa 36th IB ang pwersa ng PNP sa munisipyo. Kasama ang mga elemento ng 36th IB sa mga nadisarmahan sa reyd.

Ayon sa pahayag ng Merardo Arce Command (BHB-Southern Mindanao), ikapito na itong operasyong disarma na nailunsad laban sa mga *municipal headquarters* ng PNP sa rehiyon at mga karatig-bayan. Isang bagong kumpanya ng BHB ang naarmasan mula sa kabuuang bilang ng mga armas na nasamsam mula sa mga aksyong militar na ito.

Samantala, iniulat din ng BHB-Southern Mindanao na wasak ang isang armored personnel carrier (APC) at isang siksbay nang mapuruhan ang mga ito ng command-detonated land mine sa ambus na inilunsad kinabukasan ng CHC sa Barangay Kauswagan, Lingig laban sa mga reimporsment mula sa 36th IB.

Mataas na lider ng RPA, pinarusahan sa Negros

Isang mataas na kumander ng Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade (RPA-ABB), kasama ang dalawang elemento ng paramilitar na grupong Civilian Volunteer Organization (CVO) ang napatay nang ambusin sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa poblasyon ng Mabinay, Negros Oriental noong Enero 26 ng hapon. Si Rogelio Mambato (alyas Malvar) ay tinambangan ng dalawang partisano sa labas ng kanyang bahay.

Nagtangkang sumaklolo ang dalawang elemento ng CVO nang marinig nila ang mga putok sa bahay ni Mambato, na mga 500 metro ang layo sa kanilang pwesto. Ngunit sinalubong sila ng mga putok ng tatlong iba pang gerilyang nag-aabang sa reimporsment ng kaaway.

Si Mambato ay dating kasapi ng BHB at kilalang kumander sa Southern Negros bago siya umanib sa kontra-rebolusyonaryong bandidong grupo nina Arturo Tabara at Stephen Paduano (alyas "Carapali Lualhati"). Siya ang namamahala sa mga operasyon ng mga yunit ng RPA-ABB sa buong isla ng Negros kung saan ito aktibong sumasanib ang RPA-ABB sa militar at pulisya sa mga operasyong panunupil laban sa mamamayan.

Bago pa man pormal na lagdaan ang kasunduang tiqil-putukan sa pagitan ng RPA-ABB at ng gubyerno, talamak na ang kanilang pagiging tulisan at pagsisilbing badigard nq malalaking asenderokumprador at lokal na pulitiko tulad nina Eduardo "Danding" Cojuangco, magkapatid na Mike at Iggy Arroyo at Gov. George Arnaiz. Kasabwat ng RPA-ABB ang mga upisyal ng 303rd IBde at PNP-Negros sa maraming kaso ng pambubugbog, ekstorsyon, pangungulimbat, panggagahasa, pagdukot at pananalbeyds sa mga kasapi at lider ng mga hayag na demokratiko at patriyotikong organisasyon at pinaghihinalaan nilang simpatisador ng rebolusyonaryong kilusan.



Trahedya sa Philsport

Tpinapahayag ng Partido Komu-nista ng Pilipinas ang taos-puso nitong pagkikidalamhati sa mga nabiktima ng nangyaring trahedya noong umaga ng Pebrero 4 sa Philsport Arena sa Pasig. Namatay dito ang 74 na tao at nasugatan ang halos 700 iba pa nang magunahan, magkatulakan at magkatakbuhan ang ilampung libong kataong nakapila para makadalo sa selebrasyon ng unang anibersaryo ng programang "Wowowee" ng ABS-CBN. Ilang araw pa bago ang anibersaryo, umabot na sa 50,000 katao ang nakapila sa labas ng qusali sa hangad na makapanalo ng mga premyong nagkakahalaga ng ilang milyong piso na ipamimigay sa mga dada-

lo. Tinakam sila ng mga pangako ng programa na "Walang uuwi nang luhaan, walang uuwi na walang dala." Kaya naman nagtyagang pumila at maghintay nang ilang araw ang mga tao, hanggang sa humantong ito sa malagim na trahedya.

Mula sa masang anakpawis ang mga biktima, karamihan mga ina at kanilang mga anak. Desperasyon sa harap ng matinding kahirapan ang pinakaugat ng nangyaring trahedya sa Philsport. Ang kahabag-habag na pangyayari ay tunay na larawan ng desperasyon ng masang Pilipinong makaahon sa kumunoy ng karalitaan na lalo pang sumidhi sa limang taong paghahari ng rehimeng US-Arroyo.

Pinabubulaanan nito ang palagiang ipinagmamalaki ni Arroyo at mga tagapagtambol niya na maganda ang takbo ng ekonomya sa Pilipinas.

Ang nangyaring trahedya ay nakapaloob sa mas malaking trahedyang bumabalot ngayon sa mamamayang Pilipino bunga ng kabulukan ng naghaharing sistemang panlipunan at sobrang pagkagahaman ng rehimeng Arroyo. Ito ang mas malaking trahedya ng malawakang disempleyo, mabibigat na pasaning buwis, matataas na presyo ng mga bilihin, nabubulok na mga serbisyong publiko at iba pa na araw-araw at untiunting kumikitil sa buhay ng mara-litang mamamayan. ΑB

Hamas, di yuyukod sa presyur ng US at EU

 ${f N}$ agkamit ng mayoryang boto ang Hamas sa katatapos na eleksyong parlamentaryo sa Palestine nitong Enero 25 matapos ang 40 taong pamamayani ng partidong Fatah sa buhay pulitika ng mga Palestino. Pagkapanalo, agad na nangako ang Hamas na hindi ito yuyukod sa pangqiqipit at pagbabanta ng gubyernong US at Israel. Ayon sa Hamas, malinaw ang kapasyahan ng mamamayang Palestino na walang makapipigil sa kanilang magbuo ng bagong gubyerno sa Palestine at dapat lamang ito galangin ng lahat ng partidong pampulitika.

Ang pahayag na ito ay reaksyon ng Hamas sa matinding presyur ng US at mga kaalyado nito na bitiwan na ang armadong pakikibaka laban sa Israel. Nagbanta ang US na puputulin ng qubyer-

nong Bush ang tulong pinansyal nito sa Palestinian Authority kung hindi magsasalong ng armas ang Hamas. Bukod sa US, pinipilit din ng European Union (EU) ang Hamas na itakwil ang armadong pakikibaka at kilanlin ang estado ng Israel. Kung hindi ay iipitin ng mga ito ang ayudang ibinibigay nila sa Palestinian Authority na bumubuo ng halos kalahati ng badyet nito.

Umaaabot sa \$1 bilyon kada taon ang panlabas na ayudang natatanggap ng Palestinian Authority—\$615 milyon mula sa EU at \$70 hanggang \$150 milyong mula sa US. Samantala, pagkatapos mangakong babayaran nila ang buwis at taripang \$45 milyon para sa mga produkto nito sa buwan ng Enero, nagpasya ang Israel na hindi na ito magbabayad mula

ngayong Pebrero kung hindi yuyukod ang Hamas sa kanilang mga dikta.

Habang inihahanda ang pagbuo ng Legislative Council ng Palestinian Authority sa Pebrero 16, nagbuo ng delegasyon ang Hamas na iikot sa mga bansang Arabo upang makakuha malawak na suporta. Ngayon pa lang ay nangako nang magbibigay ng tulong pinansyal ang Saudi Arabia (\$20 milyon) at Qatar (\$13 milyon) sa Hamas. Balak ding pumunta ang delegasyon ng Hamas sa mga bansa ng Latin America tulad ng Venezuela, Brazil, Argentina at Bolivia. Ang mga bansang nabanggit ay nangangahas na tutulan at labanan, sa iba't ibang antas at paraan, ang mga dikta ng imperyalistang qubyerno ng US.



Taon XXXVII Blg. 3 Pebrero 7, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

Lumalawak ang kilusang anti-Arroyo sa loob ng AFP-PNP

ninagpang ng rehimeng Arroyo at ng liderato ng pasistang AFP at PNP ang pagkakadakip kay Capt. Nicanor Faeldon nitong huling linggo ng Enero upang ipangalandakang nananatiling malakas ang suporta ng mga sandatahang pwersa ng rehimen sa chain of command at walang tinatamasang malaking suporta ang mga grupong 📓 anti-Arroyo sa hanay ng mga sundalo at pulis. Nadakip si Faeldon mahigit isang buwan matapos siya tumakas sa detensyon noong kalagitnaan ng Disvembre 2005.

Sa kabila ng muling pagbihag kay Faeldon, patuloy na lumalawak at lumalalim ang disgusto at ligalig sa AFP at PNP. Matatag na nagpapatuloy ang kilusang kinabibilangan ni Faeldon sa kabila ng kanyang pagkakadakip dahil patuloy ang batayan para umiral ito at iba pang katulad nitong mga grupo sa militar at pulisya.

Ang pagtakas ni Faeldon ay sinundan ng pagtakas ng apat pang nakababatang upisyal na lumahok din sa protesta sa Oakwood. Idi-



neklara nila na magpapatuloy sila sa paglaban at nanawagan din sila sa mamamayan na patalsikin na ang rehimeng Arroyo.

Maraming iba pang upisyal at sundalong tumulong sa pagtakas at pagkupkop sa kanila sa labas ng kulungan, kaya hanggang ngayon ay hindi matukuy-tukoy ng mga namumunong heneral ang kanilang kinaroroonan. Kagyat silang nakipag-ugnayan sa iba pang mga kasamahan nilang tuluy-tuloy na

nag-oorganisa sa hanay ng mga sundalo at pulis at naghahanda para sa hayagan nang pagtalikod at paglaban sa rehimen.

Patunay ito na lumalawak ang bilang ng mga kapanalig ng mga sundalong namumulat, disgustado at muhing-muhi sa di lehitimo at bulok na naghaharing rehimen at handang kumilos para patalsikin ito.

Patuloy na kumakalat sa loob ng AFP at PNP ang diwa ng

Mga tampok sa isyung ito...

POW, pinalaya ng BHB

Malakihang pagmina, mariing nilalabanan PAHINA 9 Mga taktikal na opensiba sa Mindanao PAHINA 12

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapus-yaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angba-yan@yahoo.com*